# MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA TEKNOLOHIYA NG WM SMART TRUCK℠

## ITO BA ANG UNANG PAGKAKATAONG GUMAMIT NG MGA CAMERA SA PANGKOLEKTANG TRAK NG WM?

**Hindi, gumagamit ang WM ng mga camera sa mga trak sa loob ng mahigit 10 taon.** Gumagamit kami ng mga naka-mount na camera para mapabuti ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagtulong sa aming mga driver na makita ang likuran at gilid na bahagi ng trak, at pagdodokumento ng mga insidente sa pagmamaneho at pag-detect ng mga labis na pinunong lalagyan na pangkomersyo.

**KONTAMINADONG PAG-RECYCLE**



Plastic Bag    De-kuryenteng Lamp

## PAANO NINYO NALALAMAN KUNG KONTAMINADO O LABIS NA PINUNO ANG LALAGYAN?

**Inirerekord ng mga naka-mount na camera ang mga container na sineserbisyuhan**.
Ipinapakita ng mga larawan (kanan) ang mga kontaminadong nilalaman ng lalagyang pang-recycle na nakolekta mula sa address ng serbisyo at inilagay sa aming trak. Made-detect din ng mga camera ang mga labis na pinunong lalagyan sa oras ng pagkolekta.

**HALIMBAWANG LARAWAN NG LABIS NA PAGPUNO**



Labis na Pinunong Cart

## ANO ANG MANGYAYARI KAPAG MAY NAKITANG ISYU SA SERBISYO NG TEKNOLOHIYA NG WM SMART TRUCK℠?

**Isang dedikadong team ng mga consultant ng serbisyo ang nagsusuri sa mga larawan mula sa bawat ruta araw-araw.** Hinahanap nila ang mga labis na pinuno at kontaminadong lalagyan at nagge-generate ng notipikasyon sa customer at/o inilalapat ang pagsingil sa account ng serbisyo kung may nakitang kontaminasyon o mga labis na pagpuno.

## PAANO NAMAN ANG PRIVACY?

**Hindi ibabahagi ng WM ang mga larawan o impormasyon ng customer sa mga third party para sa marketing o data mining.** Ginagamit ang mga litrato o video para magturo at magbigay-alam sa mga customer at sa distrito para mapabuti ang serbisyo ng pagkolekta, pag-recycle, at pagbubukod ng mga materyales para hindi mapunta sa mga landfill.

## ANONG PAGKONTROL SA KALIDAD ANG GINAGAWA PARA MATIYAK ANG KATUMPAKAN?

**Sinanay ang aming mga consultant ng serbisyo na maingat na tukuyin ang mga labis na pagpuno at kontaminasyon.** Mayroon kaming mga karaniwang protokol para sa pagtatasa ng bawat sitwasyong may mga built-in na batayan at balanse para matiyak ang katumpakan.

## MAAARI BANG SALUNGATIN NG CUSTOMER ANG ISANG PAGSINGIL?

**Oo, maaaring makipag-ugnayan ang mga customer sa serbisyo sa customer.** Ibinibigay ang numero ng telepono ng serbisyo sa customer na 510-613-8710 sa email o liham na nag-aabiso sa customer ng insidente ng labis na pagpuno o kontaminasyon. Susuriin ng mga sinanay na kawani ang mga larawan ng insidente kasama ang customer. Kung nagkamali kami, aalisin ang singil at ia-update ang aming mga rekord para maiwasan ang pagkakamali sa hinaharap.

**Bisitahin ang oroloma.wm.com para sa impormasyon.**

Español    中国人    中國人    Tiếng Việt    Filipino

PANTIRAHAN SA ORO LOMA SANITARY DISTRICT

# MAGSISIMULA ANG PROGRAMA SA PAGBABANTAY NG KONTAMINASYON AT LABIS NA PAGPUNO SA SETYEMBRE 1, 2023.

Noong 2022, nagkabisa ang Senate Bill 1383 (SB 1383) na nag-aatas sa lahat ng tao sa Estado ng California na magkaroon ng mga serbisyo sa pagkolekta ng mga organiko at pag-recycle at iuri nang maayos ang kanilang mga basura. Kinakailangan din ng mga hurisdiksyon tulad ng Oro Loma Sanitary District na subaybayan at ipatupad ang mga kinakailangang ito. Layunin ng mandato na bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas sa pamamagitan ng pagbubukod ng mga compostable at recyclable na mapunta sa landfill, na makakatulong sa pagikha ng likas-kayang hinaharap para sa susunod na henerasyon.

## PAANO GUMAGANA ANG PROGRAMA?

Gagamitin ng WM ang teknolohiya ng WM Smart Truck℠ para kunan ng larawan ang mga labis na pinunong cart at contaminant sa iyong mga lalagyan para sa koleksyon at magpapadala ng notipikasyong may kasamang larawan na nagpapaliwanag kung ano ang aming nakita kasama ng mga tip para maiwasan ang labis na pagpuno o kontaminasyon sa hinaharap. Sumangguni sa inilakip na Mga Madalas Itanong (FAQ) para matuto nang higit pa tungkol sa teknolohiyang ito. Inilakip din ang "what goes where (saan ito nararapat)" para makatulong sa pag-iwas ng kontaminasyon.

Simula Setyembre 1, 2023, magsisimula ang WM sa pagpapadala ng mga abiso ng pagbabantay, ngunit hindi ka makakatanggap ng mga karagdagang singil hanggang pagkatapos ng Enero 16, 2024.

## MAGSISIMULA ANG MGA PAGSINGIL SA ENERO 16, 2024

Simula sa Enero 2024, ipapatupad ang mga karagdagang singil pagkatapos ng dalawang babala kapag may nakitang kontaminasyon at/o mga labis na pinunong lalagyan. Nakakatulong ang mga singil na ito na mabawi ang mga gastos na nauugnay sa pagproseso at pagtatapon.

**Nalalapat ang mga pagsingil pagkatapos ng dalawang babala sa bawat stream ng basura bawat uri ng insidente**

| Kontaminasyon | Una at Ikalawang Insidente | Ikatlong Insidente |
|---|---|---|
| Pag-recycle | Walang Singil | $25 |
| Mga Organiko | Walang Singil | $25 |

| Labis na Pagpuno | Una at Ikalawang Insidente | Ikatlong Insidente |
|---|---|---|
| Basura | Walang Singil | $12 |

**Maaaring magresulta ang apat na may singil na insidente** sa pagpapalaki ng iyong cart ng basura sa susunod na laki para mapamahalaan ang dami ng iyong basura. Kung mayroon ka na ng pinakamalaking cart ng basura, ihahatid at idaragdag sa iyong serbisyo ang isa pang 95-gallon na cart ng basura.

## PAANO KO MAIIWASAN ANG MGA KARAGDAGANG SINGIL NA ITO?

Mangyaring sumangguni sa gabay sa pag-recycle at pag-uuri ng mga organiko na kasama sa liham na ito.

**Maglagay lamang ng walang laman na bote, lata, papel at karton sa iyong recycling cart. Huwag ilagay sa bag ang mga recyclable.**

**Maglagay lamang ng pagkain, papel na ginamit sa pagkain, at mga pinutol na damo o halaman mula sa bakuran sa iyong cart ng mga organiko. Huwag gumamit ng mga plastic bag, kabilang ang mga may label na compostable o biodegradable.**

**Para Matuto Pa Tungkol sa Wastong Pag-uuri, Sumali sa Amin para sa Aming Mga Sesyon sa Usaping Pambasura**

Bisitahin ang oroloma.org/trash-talk-waste-sorting-sb1383

### IWASAN ANG LABIS NA PAGPUPUNO NG MGA LALAGYAN

Nakakabawas ng mga basura sa ating mga kalye at polusyon sa ating mga storm drain ang pagpapanatiling nakasara ng takip ng iyong mga lalagyan, na tumutulong na mapanatiling malinis at luntian ang OLSD.

Problema ba ang mga labis na pinunong lalagyan? Tumawag sa WM sa 510-613-8710 para tuklasin ang iyong mga opsyon.

**Bisitahin ang oroloma.wm.com para sa impormasyon.**

Español 中国人 中國人 Tiếng Việt Filipino

# WHAT GOES WHERE

For more information visit: www.OroLoma.org.

## LANDFILL

BASURA RÁC

填埋場垃圾

Keep Recyclables and Compostables out.



**TO GO CONTAINERS & MICROWAVABLE FOOD TRAYS**



**FOOD & DRINK PACKAGING**



**HOUSEHOLD ITEMS**
Hangers/wires (tanglers), clothes, diapers/pet waste, toys, dishware & furniture

## RECYCLABLES

RECICLABLES TÁI CHẾ

可回收物

Keep liquid, compostables, and landfill materials out.



**PAPER & CARDBOARD**
Must be dry




**CANS**
Must be empty




**BOTTLES**
Must be empty

## COMPOSTABLES

COMPOSTABLES PHÂN HỮU CƠ

填埋場垃圾

Keep liquid, recyclables, and landfill materials out.



**PAPER USED FOR FOOD OR DRINK & SHREDDED PAPER**



**YARD TRIMMINGS**



**FOOD**

### TRASH



Charcoal Cart



Green Bin

### RECYCLING



Blue Cart



White Bin

### ORGANICS



Green Cart



Beige Bin